

Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-2 Nobyembre 2022

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

Nag-ulat ang mga Filipino manufacturing firm ng kaunting expansion sa mga kundisyon ng pagnenegosyo noong Oktubre

Mga pangunahing nalaman

Nagkaroon ng kaunting pagdami ng mga bagong order dahil sa mga mas malaking demand

Bumilis ang inflation ng presyo ng input noong Oktubre

Pinakamabilis na pumangit ang performance ng vendor sa loob ng siyam na buwan

Ayon sa pinakabagong PMI® data mula sa S&P Global, nag-ulat ang mga Filipino manufacturing firm ng dagdag na pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo noong Oktubre. Ang kabuuang growth, bagama't mas mahina sa nakaraang yugto, ay idinulot ng mas malaking demand, na nagresulta sa dagdag na paglaki ng output at mga bagong order.

Gayunpaman, nanatiling mataas ang mga inflationary pressure, habang lumaki ang mga average na gastos nang mas mabilis kumpara sa naitala noong Setyembre. Bilang karagdagan, bagama't tumaas ang mga singil sa factory gate nang mas mabagal noong Oktubre, ang pinakabagong reading ay nairanggo nang kasama sa pinakamabilis sa record (simula noong Enero 2016).

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay naitala nang 52.6 noong Oktubre, mas mababa kumpara sa 52.9 noong Setyembre. Bagama't ang headline index ay nagpapakita ng kaunting pagganda ng kalagayan ng sektor ng manufacturing, ang reading ay naitala nang mas mataas sa historical average.


Dahil sa mas mataas na demand, tumaas ang mga production level at dumami ang mga bagong order nang dalawang buwang sunod-sunod. Gayunpaman, bagama't mas mahina ngayong buwang ito, mas mabilis na dumami ang papasok na bagong business.

Bagama't dumami ang mga factory order, pinakamabilis na naging mas kaunti ang bagong trabaho mula sa ibayong dagat simula noong nakaraang sunod-sunod na paghina na nagsimula noong Marso.

Ang pagdami ng bagong sales ay nagresulta sa pagpapalaki ng mga negosyo ng bilang ng mga manggagawa at pag-igting ng aktibidad ng pagbili para madagdagan ang kapasidad na masuportahan ang production. Tumaas ang employment nang anim na buwang sunod-sunod, habang dalawang buwan nang sunod-sunod na umiigting ang aktibidad ng pagbili. Gayunpaman, pareho itong mas mahina kumpara sa nakaraang yugto ng survey.

Samantala, patuloy na nahadlangan ng supply-side constraints ang Filipino manufacturing sector. Mabilis na humina ang

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.
Ang data ay nakolekta noong 12-24 Oktubre 2022.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Ang pinakabagong PMI data ay nagpakita ng isa pang round ng expansion sa buong Filipino manufacturing sector. Patuloy na tumaas ang demand na nagresulta sa paglaki pa ng output at pagdami ng bagong business sa mga good producer.

"Nagpakita rin ang mga firm ng pag-igting ng pagbili at employment. Bagama't bumagal ang mga kamakailang upturn ngayong buwan, patuloy na nagdagdag ang mga firm ng kapasidad at mga stock para masuportahan ang growth sa hinaharap.

"Bagama't nanatiling positibo sa pangkalahatan ang mga firm dahil sa patuloy na growth, ang mga supply-side constraint at tumataas na pandaigdigang inflation ay patuloy na nakaapekto sa sektor ng manufacturing. Naitala sa anecdotal na ebidensya na ang mga delay sa shipping, masamang panahon at paninikip ay patuloy na nakaapekto sa hamper production. Gayundin, ang kahinaan ng currency at pandaigdigang pagtataas ng presyo ng enerhiya at mga materyales ay nagresulta sa pagbilis ng inflation ng presyo ng input."

PMI®

by S&P Global


performance ng vendor noong Oktubre. Ang pinakabagong paghaba ng mga delivery time ay naging pinakamahaba simula noong Enero. Ayon sa anecdotal na ebidensya, ang masamang panahon at sikip sa port ay nagresulta sa mga pagkaantala ng shipping.

Ang mas malaking demand, kasabay ng tuloy-tuloy na strain mula sa mga supply-chain pressure ay nagresulta sa pagdami ng kasalukuyang trabaho noong Oktubre. Bagama't ang bilis ng accumulation ay kaunti lang, ito ay naging pangalawang pinakamabilis na buwan ng pagdami ng mga backlog ng trabaho.

Pagdating sa presyo, ang mga average na cost burden at singil ay patuloy na tumaas noong pinakabagong yugto ng survey. Gayundin, bumilis ulit ang inflation ng presyo ng input pagkatapos naging pinakamababa sa loob ng 20 buwan noong Setyembre kasabay ng mga ulat ng mas mataas na gastos sa enerhiya at materyales at hindi magandang presyo ng palitan.

Sa kabila ng mas mabilis na paglaki ng mga gastos sa input, nagtaas ang mga kumpanya ng singil nila nang mas mabagal na pace. Ang kaulangang seasonally adjusted index ay bumaba nang pangalawang buwang sunod-sunod, kasabay ng pinakamabagal na paglaki ng singil sa output simula noong Pebrero.

Bagama't gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo sa sektor ng manufacturing noong Oktubre, ang pinakabagong reading ng Future Output Index ay bumaba kumpara sa pinakamakailang high noong Setyembre. Gayunpaman, ang mga output expectation para sa susunod na 12 buwan ay nanatiling optimistic kung saan 60% ng mga panaelista ang upbeat hinggil sa outlook para sa production. Ang kumpansya ay idinulot ng pag-asang magkakaroon ng tuloy-tuloy na pagtaas ng demand sa susunod na taon.



Mga Pinagmulan: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
 Ekonomista
 S&P Global Market Intelligence
 T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
 Corporate Communications
 IHS Markit
 T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nireberisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang ireberisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.